# BACKGROUNDER 8

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

## Nagtatayo ng mas abot-kayang pabahay

Sa COVID-19 na pandemya, nananatili ang mga British Columbian sa bahay ng higit sa dati. Ang pisikal na pagdidistansiya at mga lugar ng pagtatrabaho mula sa bahay ay nakapagbago sa papel ng mga tahanan ng mga tao sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Tatlong taon na ang nakalipas, ang pamahalaan ay gumawa ng nag-iisang pinakamalaking pamumuhunan sa pabahay sa kasaysayan ng B.C. at ipinakilala ang Mga Tahanan para sa B.C. (Homes for B.C.): Isang 30-Puntong Plano upang Dalhin ang Pagiging Abot-kaya sa British Columbia. Ang Badyet 2021 ay nagbibigay ng $80 milyon sa buong plano ng pananalapi upang patuloy na pondohan ang estratehiya at iprayoridad ang paghahatid ng 114,000 na mga abot-kayang tahanan sa mga British Columbian sa pamamagitan ng pagdadagdag at pagpapahusay ng panustos na pabahay.

**Pagbibigay sa HousingHub ng higit na pampinansiyal na kakayahang umangkop upang patuloy na makagawa ng mga kinakailangang pamumuhunan**

Ang Badyet 2021 ay nagbibigay ng $2 bilyon na panustos sa pagpapaunlad sa pamamagitan ng HousingHub, isang dibisyon ng Pabahay BC (BC Housing), upang makipagtulungan ang pamahalaan sa mga komunidad, mga hindi pangkalakal at pribadong sektor na kasosoyo upang padaliin ang paggawa ng bagong paupahang pabahay at mga oportunidad na makapag-ari ng bahay para sa mga panggitnang-kitang British Columbian.

Sa pamamagitan ng karagdagang pamumuhunan na ito, mapapadali ng HousingHub ang paggawa ng humigit-kumulang 9,000 mga bagong bahay para sa mga panggitnang-kitang pamilya sa loob ng mga susunod na tatlo hanggang limang taon. Mula nang ipakilala ang Mga Tahanan para sa BC (Homes for BC), ang BC Housing sa pamamagitan ng HousingHub, ay naging isang mahalagang kasosyo na nakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan, mga hindi-pangkalakal, mga komunidad at mga kasosyong pribadong sektor na makakuha ng mas maraming mga pagpipilian sa paupahang pabahay para sa mga panggitnang-kitang British Columbian na itinayo sa buong lalawigan. Ang pagpopondong ito ay magbibigay-kakayahan dito upang magtayo sa tagumpay ng programa hanggang ngayon.

**Gumagawa ng mga direktang pamumuhunan upang lumikha ng higit pang panlipunan at abot-kayang pabahay**

Mula sa mga suportadong yunit ng pabahay sa magkakahalong kita, mga abot-kayang pagrenta, ang Lalawigan ay nagpapatuloy na magtayo sa mga makasaysayang pamumuhunan na ginawa sa pabahay - $7 bilyon sa loob ng 10 taon simula sa Badyet 2018. Upang makamit ang mga pangako sa pabahay ng pamahalaan, ang Badyet 2021 ay patuloy na nagbibigay ng pondo upang suportahan ang konstruksyon ng 114,000 na mga yunit, kasama ang pagpopondo ng 10,000 mga bagong yunit ng pabahay sa loob ng plano ng pananalapi sa pamamagitan ng gawad na pagpopondo sa hindi-pangkalakal na pabahay at $1.6 bilyon sa mga pamumuhunan sa kapital. Ang mga bagong yunit ay tutulong na suportahan ang mga British Columbian, tulad ng mga may katamtamang kitang pamilya, mga sinyor, mga Katutubong tao at kababaihan at mga batang iniiwanan ang karahasan, at ay bahagi ng pangako ng pamahalaan na maghatid ng mas maraming mga pagpipiliang pabahay para sa mga British Columbian na nangangailangan nito.

**Pag-unlad sa Mga Tahanan para sa B.C. (Homes for B.C.)**

Ang Mga Tahanan para sa B.C. (Homes for B.C.) ay nagtatrabaho upang ilagay ang Lalawigan sa daan na tutugon sa kakulangang ng mga abot-kayang bahay at patatagin ang merkado ng real estate. Sa 30 mga puntos na nasa orihinal na plano, 16 ay nakumpleto at ang pag-unlad ay isinagawa sa 14 pa. Kabilang sa pag-unlad ang

mahalagang mga hakbang tulad ng:

- Pagkuha ng mahigit sa 26,000 na mga yunit ng pabahay na maitayo o isinasagawa sa mga komunidad sa buong lalawigan.
- Pag-update ng Batas sa Pangresidensiyal na Pangungupahan upang mapabuti ang seguridad para sa mga nangungupahan na nahaharap sa pagpapaalis.
- Pagbabawas ng pinakamataas na taunang pagtaas ng renta sa 2% at pagsasara sa mga palusot na ginagamit ng mga kasero upang makalusot sa mga kontrol sa renta.
- Pagtataas ng buwis ng mga banyagang bumibili sa hanggang 20%.
- Pagpapakilala ng buwis sa pagbabakasakali at pagbabakante, na nakatuon sa mga walang laman na pag-aari na nasa mataas na pangangailangang mga lugar at nakatulong na ibalik ang mga bahay sa merkado ng pag-upa.
- Paglikha ng Talaan ng Kalinawan sa May-ari ng Lupa (Land Owner Transparency Registry) upang wakasan ang nakatagong pagmamay-ari sa real estate.
- Paghihigpit sa pag-iwas sa buwis sa mga nakatakdang paunang pagbebenta ng condo sa pamamagitan ng Condo at Strata Assignment Integrity Register.

Sa ngayon, ang Lalawigan ay gumawa ng mga hakbang sa mahigit sa kalahati ng mga aksyon sa plano upang magtayo ng mga bahay na kailangan ng mga tao, pigilan ang pandaraya sa buwis, isara ang mga butas, tulungan na patatagin ang merkado ng real estate at bumuo ng mga pakikipagsosyo para sa pagiging abot-kaya sa bawa't komunidad ng B.C.

Ang isang mapa na nagpapakita ng lokasyon ng lahat ng inihayag na mga proyekto ng pabahay na panlalawigang pinondohan sa B.C. ay magagamit online sa: https://www.bchousing.org/homes-for-BC

**Kontak:**

Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

---

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect